Pahintulot ng Magsasaka para sa *Rice Crop Manager* (RCM) *Advisory Service*
(RCM farmers)

Ang *RCM Advisory Service* ay isang *tool* na nagbibigay sa mga magsasaka ng rekomendasyon sa pangangasiwa ng kanilang palayan pagkatapos na sila ay makapanayam. Sa pakikipanayam na ito, itinatanung at inirerekord ang mga personal na impormasyon ng magsasaka, hangganan at sukat ng kanilang palayan, at ang kanyang pangangasiwa sa palayan bago at pagkatapos ng tanim.

Ako, si _____ ay pinahihintulutan si _____
(pangalan ng magsasaka) *(pangalan ng nag-iinterview)*
na ako ay kapanayamin at kumuha ng mga impormasyon sa akin gamit ang *RCM Advisory Service*.

Ako ay pumapayag sa mga sumusunod:

- Ang aking partisipasyon sa panayam ay boluntaryo at walang bayad
- Nauunawaan ko na ibibigay ko ang aking personal na impormasyon tulad ng buong pangalan, kapanganakan, tirahan, at pagmamay-ari ng lupang aking sinasaka, numero ng telepono (kung meron) at pangangasiwa sa palayan
- Ang mga personal na impormasyon na aking ibibigay ay maaaring gamitin, boluntaryo at eksklusibo sa RCM, sa pagkuha ng *ID card* mula sa *Department of Agriculture* (DA) mula sa pakikipanayam gamit ang *RCM Farmer and Farm Lot Registration* at *RCM Farmer ID Maker*
- Ang pakikipanayam sa *RCM Farmer and Farm Lot Registration* ay magbibigay sa akin ng eksaktong sukat at hangganan ng aking sinasakang palayan gamit ang *Global Positioning System* (GPS)
- Ang personal na impormasyon at ang pangangasiwa sa palayan na aking ibibigay ay magagamit sa pagkuha ko ng:
  - isang pahinang rekomendasyon at/o *text message* para sa tamang pag-aabono at pangagalaga ng palay para sa panahon ng pagtatanim ng palay mula sa pakikipanayam gamit ang RCM
  - mas pinabuting rekomendasyon mula sa RCM sa mga susunod na panahon
- Ang nakuhang mga impormasyon sa pakikipanayam at mga datos sa pagsusukat ng palayan gamit ang GPS ay itinatabi at pinoproseso ng DA sa loob ng sampung (10) taon mula nang ibigay ko ang mga impormasyon
- Ang layunin ng nakolektang impormasyon ay para lamang sa mga gawaing may kaugnayan sa RCM, tulad ng pinagsama-samang pag-uulat sa paggamit ng RCM *tools* at pagsubaybay, pagsusuri at pag-aaral at iba pang mga proyekto ng DA tulad ng *Model Farms* at ng *Registry System for Basic Sector Agriculture* (RSBSA).
- Maaaring gamitin ng DA ang mga ibinigay kong impormasyon upang isama sa *database* ng mga magsasaka at mangingisda para sa pagbibigay ng mga ayuda at iba pang mga tulong sa hinaharap maliban sa RCM.

Ipinaalam sa akin ang aking mga karapatan bilang paksa ng data (*data subject*), kabilang ang karapatang tumutol , pag-*access* at pagtatama ng aking mga personal na impormasyon. Ang aking personal na impormasyon ay protektado sa ilalim ng naaangkop na batas ng Pilipinas, kasama ngunit hindi limitado, sa *Data Privacy Act of 2012* (*hereinafter* "DPA"). Kaya, nauunawaan ko na ang lahat ng personal na impormasyon na ibinigay ko ay mananatiling lihim at protektado ng DA sa pamamagitan ng angkop na panukalang seguridad para sa proteksyon ng impormasyon. Sa maling paggamit ng mga impormasyon na aking ibinigay, ang aking reklamo ay tutugunan ng *International Rice Research Institute* o IRRI at/o ng DA. Maaari din akong maghain ng reklamo sa *National Privacy Commission* alinsunod sa DPA.

Pinapatunayan ko na ang pahintulot ay binasa sa akin sa lengwaheng alam at nauunawaan ko at alam na alam ko ang kahulugan nito.

Pangalan ng magsasaka: _____ Lagda/Thumb mark: _____

Petsa: _____